# Aso at Pusa

Si Mira ay may aso at pusa. Ito ay masasaya. Ang pusa ay may laso. Ang aso ay may laso rin. Ang laso ng pusa ay puti. Ang laso ng aso ay puti rin. Ang mata ng pusa ay kulay pula. Ang mata ng aso ay kulay kape. Ang aso at pusa ni Mira ay naglalaro.

Teacher Fun Files

# Bumilang Tayo

Isa, dalawa, tatlo, apat.
Isa at tatlo ay apat.
Apat alisan ng isa ay tatlo.
Isa ang talaba na nakuha ni Adi. Ang kay Lito ay tatlo. Isang talaba at tatlong talaba ay apat na talaba. Apat na talaba ang nakuha ng dalawa.

Teacher Fun Files

# Si Lino

Si Lino ay bata. Siya ay nakatira sa kubo. May ina si Lino. Siya ay si Aling Lina. May ama si Lino. Siya ay si Mang Bino. Ang pamilya nila ay maligaya dahil sila ay sama-sama. Simple man ang buhay ay ayos lang basta ang lahat ay masaya.

Teachers Fun Files

# Pista sa Nayon

May pista sa nayon. Naroon ang mga taga Hulo. Iniwan ang kanilang mga dampa. Naroon ang mga taga bukid. Iniwan ang kanilang pananim. May musiko sa daan. Makintab ang suot na damit. Puno ng tao ang loob simbahan. Lahat ay masaya.

Teacher Fun Files

# Sa Paaralan

Si Leni ay nasa paaralan. Siya ay nasa unang baitang. Pitong taon ang kaniyang gulang. Ang guro niya ay si Bb. Galang. Si Leni ay marunong magbasa. Nagsusulat din siya. Nag-aaral siyang mabuti. Natutuwa ang magulang niya sa kanya.

Teacher Fun Files

# Palaisdaan

"Tatay malaki ang bangus na ito. Ayun pa ang apahap, malaki rin. Iihawin ko iyan," ang sigaw ni Adi. "Ang alimango, baka maipit ka," ang sabi ng tatay niya.

"Hindi po, sanay ako sa alimango," ang pagyayabang ni Adi.

Teacher Fel Files

# Sa Sapa

"Lito, tayo na sa sapa, ang sabi ni Adi.

"Oo, tayo na. Manghuli tayo ng hito," ang sabi ni Lito.

"Sa sapa tayo mananghali," ang wika ni Adi.

"Mabuti nga," ani Lito.

Ang dalawa ay masaya.

Teacher Fun Files